Hunyo 2021

Para sa lahat ng mga magulang

Matsubara City Amamiminami Elementary School
Principal Takahashi Yoshihiro

# (School Year 2021) Ukol sa Pagpasok ng mga Bata sa Paaralan sa Oras ng Sakuna tulad ng Bagyo, Lindol atbp.

**Magkakaroon ng "Emergency Cancellation of Classes" kapag inihayag ang mga sumusunod na warning:**

**Kapag inihayag ang "Storm Warning" o kaya ay "Impormasyon ukol sa Pagkakaroon ng Sakuna [Warning Level 3] *Puna 1" at "Special Warning" *Puna 2 sa buong Osaka Prefecture, o kaya ay sa Minamikawachi District o Matsubara City**

①Kung inihayag ang warning bago ang 8:30 ng umaga, magkakaroon ng "Emergency Cancellation of Classes".
②Kung inalis ang warning bago ang 8:30 ng umaga, kumpirmahin ang kaligtasan at papasukin ang anak sa paaralan.
③Kung inihayag ang warning bago ang 7:00 ng umaga, kakanselahin ang school lunch. Pagkatapos nito, kung inalis ang warning bago ang 8:30 ng umaga at pumasok ang mga bata, walang school lunch kaya pauuwiin ang mga bata pagkatapos ng klase sa umaga.
④Kung magkakaroon ng "Emergency Cancellation of Classes" dahil sa ibang warning maliban sa nabanggit sa itaas at iba pang dahilan, kikilos ayon sa utos ng Matsubara City Board of Education. Bukod dito, maaari ring magkaroon ng Emergency Cancellation of Classes bilang desisyon ng school principal batay sa kalagayan ng school district.

●**Kung inihayag ang warning habang papasok o pauwi mula sa paaralan**
- Papupuntahin sa paaralan, bahay o kaya ay sa isang ligtas na lugar at kukumpirmahin ang kaligtasan ng lahat ng bata pagkatapos nito.

●**Kung inihayag ang warning habang nagkakaroon ng klase**
- Kukumpirmahin ang kaligtasan habang isinasaalang-alang ang sitwasyon ng pinsala sa mga lugar na malapit sa paaralan, impormasyon ukol sa panahon sa mga susunod na oras, atbp., at pauuwiin ang mga bata ayon sa desisyon ng school principal sa nararapat na paraan gamit ang "Emergency Pick-up Card" atbp. Pagkatapos, makikipag-ugnayan ang paaralan sa mga magulang gamit ang contact mail, website o iba pang paraan.

●**Kung nagkaroon ng lindol na "Seismic Intensity Level 5 Lower" o higit pa sa Matsubara City, magkakaroon ng "Emergency Cancellation of Classes".** Ukol sa pagpasok sa paaralan sa mga susunod na araw, ito ay isagawa lamang kung nakumpirma na ang kaligtasan sa mga malapit na lugar, at hanggang makumpirma ang kaligtasan ay manatili lamang sa bahay.

---

*Puna 1 "Special Warning": Warning na inihahayag kapag nagkaroon o tinatayang magkaroon ng di-karaniwang malakas na pag-ulan, pagbaha, tsunami, pagsabog ng bulkan, at iba pang malubhang sakuna

*Puna 2 "Impormasyon ukol sa Pagkakaroon ng Sakuna [Warning Level 3]": Impormasyon ukol sa paglikas na inihahayag ng lungsod kapag papalapit ang isang bagyo o malakas na ulan kung saan tinatayang umabot sa overflow risk water level ang taas ng tubig sa mga itinalagang ilog (Yamato River, Nishiyoke River, atbp.), o kaya ay kinakailangang maghayag ng Evacuation Preparation o Start of Evacuation for the Elderly etc.

《Pakiusap》 Sa oras ng emergency, ipinapakiusap namin na **iwasang tumawag sa paaralan** dahil sa **pangangailangan na makipag-ugnayan sa telepono** ang paaralan at ang Board of Education at iba pang kaugnay na organisasyon. Hinihingi namin ang inyong pag-unawa sa bagay na ito.